ANG KAGAWARAN NG PANTAY NA PAGPAPATRABAHO AT PABAHAY

BATAS NG CALIFORNIA NA NAGBABAWAL SA LUGAR NG TRABAHO NG DISKRIMINASYON AT PANLILIGALIG

ANG DEPARTAMENTO NG MAKATARUNGANG PATRABAHO AT PABAHAY NG CALIFORNIA (DFEH) AY NAGPAPATUPAD NG MGA BATAS PARA PROTEKTAHAN KA MULA SA ILEGAL NA DISKRIMINASYON AT PANLILIGALIG SA TRABAHO BATAY SA AKTWAL O PINAGHIHINALAANG:

- PINAGMULANG LAHI
- EDAD (40 at mas matanda)
- KULAY
- MAY KAPANSANAN (pisikal at pangkaisipan, kasama na ang may HIV at Aids)
- PANLAHAT NA IMPORMASYON
- KASARIAN NA PAG KIKILANLAN, KASARIAN NA GUSTONG IPAHAYAG
- KALAGAYAN NG KASAL O DI KASAL
- MEDIKAL NA KONDISYON (pinanggalingang katangian, kanser o talaan o kasaysayan ng kanser)
- MILITAR O KATAYUAN BILANG BETERANO
- BANSANG PINAGMULAN (kasama ang wikang ginagamit, ang pagkakaroon ng lisensya sa pagmamaneho na ibinigay sa isang tao na hindi kayang mapatunayan na ang kanilang presensya sa Estados Unidos ay awtorisado sa ilalim ng batas pederal)
- LAHI
- RELIHIYON (kasama na ang mga relihiyosong pananamit at gustong ayos at pananamit)
- KASARIAN/SARILI (kasama ang pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso at/o mga may kaaugnayang medikal na kondisyon)
- SEKSWAL NA ORYENTASYON

ANG BATAS NG DEPARTAMENTO NG MAKATARUNGANG PATRABAHO AT PABAHAY NG CALIFORNIA (CODE NG GOBYERNO BAHAGI 12900 HANGGANG 12996) AT ANG NAGPAPATUPAD NG REGULASYON (CALIFORNIA CODE NG REGULASYON, TITULO 2, BAHAGI 1100 HANGGANG 1114):

① Ipinagbabawal ang panliligalig ng mga taga pagpatrabaho, mga aplikante, hindi nabayarang nagsasanay, mga boluntaryo, at mga malayang kontratista sa pamamagitan ng ibang tao at nangangailangan ng magpapatrabaho na kumuha ng makatuwirang hakbang upang maiwasan ang panliligalig. Kabilang dito ang pagbabawal laban sa sekswal na panliligalig, panliligalig sa kasarian, panliligalig batay sa pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso at/o mga may kaugnayan sa medikal na mga kondisyon, pati na rin ang panliligalig batay sa lahat ng iba pang mga katangiaan na nakalaista sa itaas.

② Atasan ang lahat ng mga nagpapatrabaho na magbigay ng mga impormasyon sa bawat isa nilang trabahador sa likas na katangian, pagiging illegal, remedyo na legal na nararapat sa sekswal na panliligalig. Ang mga trabahador ay maaaring bumuo ng kanilang sariling mga pahayagan, na kung saan ay dapat matugunan ang pamantayang itinakda sa California Code bahagi 12950, o gumamit ng brochure galing sa DFEH.

③ Nangangailangan ang mga tagapagpatrabaho ng 50 o higit pang mga nagtatrabaho at lahat ng pampublikong entidad upang magbigay ng pagsasanay para sa lahat ng superbisor tungkol sa pag-iwas sa sekswal na panliligalig, abusadong pag-uugali, at panliligalig batay sa pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian , at oryentasyong sekswal.

④ Nagbabawal sa mga nagpapatrabaho ang pag lilimita ng paggamit ng anumang wika sa anumang lugar ng trabaho maliban kung nabigyang katarungan sa pamamagitan ng pangangailangan sa negosyo. Dapat ipagbigay alam ng mga nagpapatrabaho sa mga nagtatrabaho ang paghihigpit sa wika at ang kahihinatnan para sa paglabag. Ipinagbabawal din sa nagpapatrabaho ang pagkakaroon ng diskriminasyon laban sa isang aplikante o trabahador dahil sila ay nagtaglay ng lisensya sa pag mamaneho na inisyu sa isang tao na hindi mapatunayan ang kanilang presensya sa Estados Unidos ay awtorisado sa ilalim ng batas pederal.

⑤ Atasan ang nagpapatrabaho na makatuwirang mapaunlakan ang trabahador, hindi nabayarang nagsasanay, aplikante sa trabaho na may paniniwala at kasanayan sa relihiyon, kabilang na ang rehiyosong pananamit, alahas, artipak, pag ayos ng buhok, buhok sa katawan, o kung saan ay bahagi ito ng paggunita ng paniniwala sa relihiyon ng isang tao.

⑥ Atasan ang mga nagpapatrabaho na makatuwirang mapaunlakan ang mga trabahador o aplikante sa trabaho

na may kapansanan upang maisagawa ang mahalagang tungkulin ng isang trabaho.

⑦ Pahintulutan ang mga aplikante sa trabaho, hindi nabayarang nagsasanay, boluntaryo at mga trabahador na maghain ng reklamo sa DFEH laban sa nagpapatrabaho, mga ahensya ng nagpapatrabaho, o unyon ng pagggawa na nabigong mabigyan ng pantay pantay na trabaho batay sa iniatas ng batas.

⑧ Ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa sinumang aplikante ng trabaho, hindi nabayarang nagsasanay, o trabahador na tatanggapin, pagtataas ng posisyon, atas na trabaho, pag tanggal sa trabaho, o ano mang termino, kundisyon, o pribilihiyo sa trabaho.

⑨ Atasan ang mga nagpapatrabaho, mga ahensya ng nagpapatrabaho, at mga unyon na mapanatili ang mga aplikasyon, talaan ng mga tauhan, at talaan ng rekomendasyon sa trabaho ng hindi bababa sa dalawang taon.

⑩ Atasan ang nagpapatrabaho na kailangang magbigay ng bakasyon hanggang apat na buwan sa isang trabahador na kailangan ng pahinga dahil sa pag bubuntis, panganganak, o ano mang medikal na kapansanan na may kaugnayan.

⑪ Atasan ang nagpapatrabaho na magbigay ng makatuwirang akomodasyon na hinihiling ng nagtatrabaho, dahil sa payo ng kanyang mangagamot na may kaugnayan sa kanyang pagbubuntis, panganganak, o ano mang kapansanan medikal na may kaugnayan.

⑫ Nangangailangan ang mga nagpapatrabaho ng 20 o higit pag mga tao upang pahintulutan ang mga karapat-dapat na nagtatrabaho na kumuha ng 12 linggo na bakasyon sa loob ng 12 buwan sa panahon para sa kapanganakan ng isang sanggol o ang paglalagay ng bata sa pag-aampon o pag-aalaga ng kinakapatid; nanganagilangan din ang tagapagpatrabaho ng 50 o higit pang mga tao upang payagan ang mga karapat-dapat na mga nagtatrabaho na kumuha ng 12 linggo na bakasyon sa loob ng 12 buwan na panahon para sa sariling seryosong kalusugan ng nagtatrabaho, o upang pag-aalaga ng magulang, asawa, o bata na may malubhang kondisyon sa kalusugan.

⑬ Atasan ang mga ahensya ng nag papatrabaho na pagsilbihan ang trabahador ng pantay pantay, tanggihan ang trabaho na may disriminasyon at ipagbawal sa mga nag papatrabaho at ahensya ng nag papatrabaho na gumawa ng pagtatanong na may disriminasyon bago tumanggap ng aplikante , o ilathala ang patalastas na nangangailangan ng tulong na nagpapahayag ng dikriminasyon sa pagpili.

⑭ Ipinagbabawal sa mga unyon sa pagkakaroon ng diskriminasyon sa pagtanggap ng mga bagong miyembro o ipadala ang miyembro sa trabaho.

⑮ Ipinagbabawal ang paghihiganti laban sa isang tao na tumutol, nag ulat, o tulungan ang ibang tao upang tutulan ang mga labag sa batas na diskriminasyon.

PAG PAPASA NG REKLAMO

Ang batas ay nagbibigay ng mga remedyo para sa mga indibidwal na nakaranas ng ipinagbabawal na diskriminasyon o panliligalig sa lugar ng trabaho. Kasama sa remedyo ang pagtanggap uli sa trabahador, harapang pagbabayad, pagbibigay ng naantalang sweldo, pag tataas sa tungkulin, ibalik sa dating tungkulin, pag uutos na itigil o pigilan, bayad sa expertong tistigo, makatuwirang bayad sa abogado at mga gastos, danyos na parusa at pinsalang emosyonal na pagkabalisa.

Ang mga aplikante sa trabaho na hindi binayaran sa pagsasanay at mga trabahador na : Kung naniniwala ka na ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon o panliligalig maaari kang maghain ng reklamo sa DFEF. Independenteng kotratista at mga boluntaryo: Kung naniniwala ka na ikaw ay niligalig maaari kang mag hain ng reklamo sa DFEH.

Ang mga reklamo ay dapat ihain sa loob ng isang taon kung kailan huling naganap ang diskriminasyon/o panliligalig sa biktims na wala pang 18 taong gulang, o hindi lalapas ng isang taon makaraan ang 18 kaarawan ng biktima.

Kung mayroon kang kapansanan na pumipigil sa iyo na magsumite ng isang nakasulat na porma ng paggamit online, sa pamamagitan ng koreo, o e-mail, maaaring tulungan ka ng DFEH sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong porma ng paggamit sa telepono o para sa indibidwal na Bingi, o Mahirap Makarinig o may kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng Serbisyo ng California Relay (711) o tumawag sa amin sa pamamagitan ng VRS sa (800) 884 1684 (boses).

Upang kumuha ng takdang pagbisita, tumawag sa Sentro ng Komunikasyon sa (800) 884-1684
(mag iwan ng mensahe o sa operator 711)
o (800) 700-2320 (TTY)
o sa email: contact.center@dfeh.ca.gov.

Ang DFEH ay nakatuon sa pagbibigay ng daan upang makakuha ng aming mga materyales sa isang alternatibong pormat bilang isang makatuwirang akomodasyon para sa mga taong may kapansanan kung hihilingin nila.

Tawagan ang DFEH sa: (800) 884-1684 (mensahe o sa operator 711), TTY (800) 700-2320, o contact.center@dfeh.ca.gov para pag usapan ang gusto mong pormat para makakuha ng mga materyales o kaya sa "website".

Code ng Gobyerno ika-2 bahagi 12950 at California Code ng Regulasyon, titulo 2, bahagi 11013, atasan ang mga trabahador na ilatlala itong dokumento. Dapat itong ilagay sa opisina na tumatanggap ng bagong trabahador, sa bulletin boards ng mga trabahador, sa mga hintayan sa loob ng ahensya, sa mga pasilyo ng unyon at iba pang lugar kung saan ang mga trabahador ay nag tipon tipon. Ang sinumang nagpapatrabaho na may patrabaho sa isang pasilidad at sa itinatag na negosyo na binubuo ng 10% ng mga tao ay hindi nakakapagsalita ng english ay dapat din maglagay ng abisong ito kung ano ang naangkop na wika o mga wika.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Ang Kagawaran Ng Pantay Na Pagpapatrabaho At Pabahay

Libreng tawag: (800) 884-1684
TTY: (800) 700-2320
Online: www.dfeh.ca.gov

Hanapin kami sa:

DFEH-E07P-TAG / June 2018